



PAGSUSURI NG BAGONG SILANG AT ANG IYONG SANGGOL:

Ang isang malusog na simula ay nauuwi sa mas malusog na buhay

ANG MAAGANG PAGKATUKLAS AY NAUUWI SA MAAGANG PAGGAMOT

Bilang isang bago o malapit nang maging magulang, ang kalusugan ng sanggol ay mahalaga sa iyo. Bagaman ang karamihan ng mga sanggol ay anyong malusog pagkasilang, sila ay maaaring nanganganib na magkaroon ng mga seryosong problema sa kalusugan kung sila ay may sakit na hindi natuklasan at nagamot nang maaga. Upang matulungan ang iyong sanggol na magkaroon ng pinakamahusay na pagsisimula sa buhay, ang iyong bagong silang – at bawat ibang bagong silang sa Ontario – ay aalukin ng pagsusuri para sa mga bihira, seryosong sakit. Dahil ang isang grupo ng mga sakit na ito ay nakakaapekto sa humigit-kumulang na 225 sa halos 143,000 sanggol na isinisilang bawat taon sa Ontario. Ang hangarin ng pagsusuri ay maagang pagkatuklas– upang ang paggamot ay masimulan nang maaga at ang mas mahusay na kalusugan ay makamit.

Ang pagsusuri ng bagong silang ay hindi sapilitan. Ito ay itinuturing na pangkaraniwang pangangalaga para sa bawat sanggol at lubos na inirekomenda. May karapatan kang piliin na tanggapin o tanggihan ang pagsusuri ng bagong silang para sa iyong sanggol. Maaari mong talakayin ang desisyong ito sa iyong doktor, komadrona o ibang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Ang pagsusuri ng bagong silang ang tanging paraan upang mahanap ang mga sanggol na may mga ganitong sakit nang maaga upang pigilan ang mga seryoso, pangmatagalang problema sa kalusugan.

Isang maliit na iksamen, lumilikha ng malalaking benepisyo

Upang magawa ang iksamen sa pagsusuri, ang isang maliit na sampol ng dugo ay kukunin mula sa iyong sanggol. Ito ay karaniwang ginagawa sa pagitan ng 24 – 48 oras pagkasilang sa pamamagitan ng pagtusok sa sakong at paglagay ng dugo sa isang espesyal kard na papel. Dapat kang bigyan ng liham ng impormasyon na kasama ang numero ng reference sa itaas. Ang numerong ito ay magagamit upang iugnay ang sampol ng iyong sanggol. At saka ipapadala ang sampol sa Newborn Screening Ontario (NSO) kung saan ito ay sumasailalim sa iksamen para sa mga bihirang sakit na kabilang ang:

- Mga metabolikong sakit
- Mga sakit na kaugnay ng endocrine
- Sick Cell Disease (SCD)
- Cystic Fibrosis (CF)
- Severe Combined Immune Deficiency (SCID)

Kabilang sa pagsusuri ng bagong silang ang Critical Congenital Heart Disease (CCHD). Ang isang mabilis at hindi masakit na iksamen na tinatawag na pulse oximetry ay sumusukat sa antas ng oksiheno sa dugo ng sanggol. Ang mga resulta ay makukuha agad.

Ang NSO, sa pakikipagtulungan sa Ontario Infant Hearing Program, ay nag-aalok ng pagsusuri para sa mga panganib na may kaugnayan sa pagkawala ng pandinig gamit ang sampol ng pagsusuri ng bagong silang. Itong karagdagang ikseman ay ginagawa nang may pahintulot ng magulang o tagapangalaga na kinukuha sa panahon ng pagsusuri ng pandinig.

Ang buong listahan ng mga sakit ay makukuha sa NSO website: www.newbornscreening.on.ca

Mga resulta ng pagsusuri: malaki ang panganib at maliit ang panganib

Ipakaita ng mga resulta ng pagsusuri kung ang iyong sanggol ay nasa mas malaki o mas maliit na panganib para sa mga sakit, pero ang mga ito ay hindi mga pagsusuring *yes or no* (kilala rin bilang mga “diyagnostikong” pagsusuri). Kung ang iyong sanggol ay magkaroon ng mga sintomas ng isang sakit, ang doktor ng iyong sanggol ay dapat gumawa ng angkop na diyagnostikong iksamen. Mangyaring tandaan din na ang pagsusuri ng bagong silang ay hindi nagsusuri para sa lahat ng mga seryosong problema.

Ang isang negatibong resulta ng pagsusuri ay nangangahulugang ang panganib na ang iyong sanggol ay may isa sa mga sakit na ito ay napakaliit at walang kasunod na pagsusuri na kailangan. Higit sa 99% ng mga sanggol na sinuri ay magkakaroon ng negatibong resulta.

Ang isang positibong resulta ng pagsusuri may nangangahulugang ang iyong sanggol ay may mas malaking panganib na magkaroon ng isa sa mga sakit at nangangailangan ng iksamen. Hindi ito nangangahulugang na ang iyong sanggol ay may sakit. Sa ganitong kalagayan, irerekomenda ng mga doktor ng Newborn Screening Ontario (NSO) ang iyong sanggol sa mga espesyalista para sa pansubaybay na iksamen. Kokontakin ka ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan (HCP) o isang espesyalista kung ang iyong sanggol ang may positibong resulta ng pagsusuri. Kung ang HCP ng iyong sanggol ay nag-aalala tungkol sa mga resulta ng Critical Congenital Heart Disease (CCHD) ng iyong sanggol, mag-aayos sila ng mga karagdagang eksaminasyon sa panahon ng pagsusuri.

Maaaring ipabalik sa iyo ang iyong sanggol para sa isang inulit na sampol ng pagsusuri. Ito ay mangyayari kung:

- Ang unang sampol ng iyong sanggol ay nangyari bago ang 24 na oras ng edad
- Hindi sapat na dugo ang nakuha
- Ang sampol ay may mahinang kalidad

Kokontakin ka ng iyong ospital o komadrona kung ang isang inulit na sampol ay kailangan. Mahalagang kunin ang inulit na sampol sa pinakamaagang panahon na posible upang ang iyong sanggol ay makakuha ng buong benepisyo ng pagsusuri ng bagong silang. Ang pangangailangan ng inulit na sampol ay hindi nangangahulugang na may mali sa iyong sanggol.

Ang ilang sanggol ay nangangailangan ng pag-ulit ng kanilang pagsusuring CCHD dahil ito ay hindi kumpleto. Kung ang pagsusuring CCHD ay hindi kumpleto, kokontakin ka ng iyong HCP o ng ospital na gumawa ng pagsusuri tungkol sa mga susunod na hakbang.

Ang mga resulta ay dinadala sa ospital o HCP na gumawa ng iksamen, sa pamamagitan ng koreo o sa paraang elektronik sa pamamagitan ng Ontario Laboratories Information System (OLIS). Ang HCP ng iyong sanggol ay maaari ring makakuha ng mga resulta sa pamamagitan ng OLIS. Ang NSO ay naglalabas ng mga resulta nang direktong sa mga magulang/tagapangalaga.

Makakahanap ba ng ibang bagay ang pagsusuring para sa mga sakit na ito?

Kung minsan ang pagsusuri ay magpapakita na ang isang sanggol ay may sakit na iba sa mga inaasintang sakit. Kung may isang sagot na tulad nito na natagpuan, ito ay tatalakayin sa iyo ng isang espesyalista. Ang pagsusuri para sa ilang sakit ay maaari ring makatuklas na ang iyong sanggol ay isang tagapagdala (kilala rin bilang trait). Ang mga sanggol na mga tagapagdala ay malusog at hindi nangangailangan ng anumang natatanging paggamot na medikal. Ang mga resulta ng tagapagdala ay makukuha sa pamamagitan ng paghiling. Ang impormasyon tungkol sa kung paano makukuha ang mga resulta ng tagapagdala ng iyong sanggol ay nasa website ng NSO – o, magtanong sa tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng iyong sanggol.

Pagprotekta ng pagkapribado at pagkompidensiyal ng iyong sanggol

Ang Newborn Screening Ontario (NSO) ay nakalaang panatilihing ligtas at kompidensiyal ang mga sampol at impormasyon tungkol sa dugo ng iyong sanggol, susundin ang mga tuntuning nakalagay sa batas tungkol sa pagtitipon at paggamit ng mga ito. Ang mga ito ay magagamit para sa pagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan, pagtiyak ng kalidad, at pananaliksik. Ang personal na impormasyong pangkalusugan (PHI) ay ibinabahagi sa pagitan ng tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na kalahok sa pagsusuri at diyagnosis ng bagong silang upang matiyak na ang iyong sanggol ay nakakatanggap ng pangangalaga at pagsubaybay na kailangan. Ang PHI ay ibinabahagi rin sa Ontario Laboratories System (OLIS). Kung ayaw mong ibahagi ang impormasyong ito, mangyaring ipaalam ang nais mo sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at/o kontakin ang NSO.

Pagkatapos ng pagsusuri, ang sampol ng iyong sanggol ay itatago sa isang ligtas na pasilidad bilang bahagi ng rekord na medikal ng iyong sanggol. Ito ay itinatago hanggang 19 taon at saka sinisira. Ang mga sampol ay itinatago upang magamit ang mga ito upang matiyak ang kalidad ng mga iksamen sa pagsusuri ng bagong silang. Mabibigyan nito ng benepisyong ang iyong sanggol at lahat ng sanggol sa Ontario. Ang isa pang posibleng paggamit ng sampol ay pagsusuri bilang bahagi ng pakikipagtulungan ng *Expanded Hearing Screening* sa Ontario Infant Hearing Program. Ito ay gagawin lamang kung may pahintulot mo. Ang sampol ng iyong sanggol ay maaaring kailanganin sa hinaharap ng kanyang doktor upang gumawa ng mga karagdagang iksamen. Ang pagtatago ng sampol ay nangangahulugang ito ay makukuha, kung kailangan. Ang ibang posibleng paggamit para sa mga nakatagong sampol ay kabilang ang iksamen ng ibang mga laboratoryo sa iyong kahilingan, ang pagbuo ng bago o pinahusay na mga iksamen ng NSO, kung saan ang paggamit nito ay iniisyu ang isang legal na mandamyento o utos ng korte, at pananaliksik na inaprobahan ng isang lupon ng etika sa pananaliksik. Sa pangkalahatan, ang impormasyon na maiiugnay ang iyong sanggol sa sampol ng pagsusuri ng bagong silang ay maibabahagi lamang kung mayroon kang nakasulat na pagsang-syon o kung ito ay iniaatas ng batas.

Kung ayaw mong ipatago ang sampol ng iyong sanggol, masasabi mo sa NSA na sirain ang sampol o ibigay ito sa iyo. Para sa karagdagang impormasyon mangyaring kontakin ang NSO.

Para sa karagdagang impormasyon

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagsusuri ng bagong silang sa Ontario, mangyaring kausapin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan o kontakin nang direktang ang Newborn Screening Ontario.

Website:

www.newbornscreening.on.ca

Telepono:

Walang Bayad: 1-877-NBS-8330 (1-877-627-8330)
8:00 AM – 16:00 PM

Email:

NSO@cheo.on.ca

Koreo:

Newborn Screening Ontario
Children's Hospital of Eastern Ontario
415 Smyth Road
Ottawa, Ontario K1H 8M8

YouTube:

[Youtube.com/user/NBSOntario](https://www.youtube.com/user/NBSOntario)

Twitter:

[@NBS_Ontario](https://twitter.com/NBS_Ontario)